

Mobile na Sentro ng Pagbawi sa Sakuna Titigil sa Hillsborough County

Release Date: October 25, 2023

LAKE MARY, Fla. – [Ang Estado ng Florida at FEMA](#) ay nagpapatakbo ng isang Mobile na Disaster Recovery Center (DRC o Sentro ng Pagbawi sa Sakuna) sa Hillsborough County upang magbigay ng isa-sa-isang tulong sa mga taong naapektuhan ng Bagyong Idalia. Ang unang hinto ay:

- Kolehiyo ng Komunidad ng Hillsborough - Ang Regent
6437 Kalsada ng Watson
Riverview, FL 33578

Iskedyul: Huwebes, Oktubre 26 hanggang Miyerkules, Nobyembre 1, 9 n.u.
hanggang 6 n.g.

Iaanunsyo ang mga karagdagang hinto kapag sila ay nakumpirma.

Mga lugar na kasalukuyang bukas:

- **Citrus County:** Aklatan ng Rehiyon ng Coastal, 8619 Kanlurang Kalye ng Crystal, Crystal River, 9 n.u. hanggang 7 n.g. Lunes-Miyerkules, 9 n.u. hanggang 5 n.h. Huwebes-Biyernes, sarado ng Sabado-Linggo (**permanenteng magsasara ng 5 n.h. Oktubre 27**)
- **Columbia County:** 180 Silangang Kalye ng Duval, Lungsod ng Lake, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Sabado, sarado ng Linggo
- **Dixie County:** Pampublikong Aklatan ng Dixie County, 16328 Timog-Silangan US-19, Lungsod ng Cross City, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Sabado, sarado ng Linggo
- **Hamilton County:** 1153 Hilagang-Kanluran US Highway 41, Jasper, 9 n.u. hanggang 6 n.g., Lunes-Sabado, sarado ng Linggo
- **Hernando County:** Sangay ng Pampublikong Aklatan ng Hernando, 9220 Daan ng Spring Hill, Spring Hill, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Sabado, sarado ng Linggo.



FEMA

Page 1 of 3

- **Jefferson County:** Aklatan ng Jefferson County, 375 Timog Kalye ng Water, Monticello, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Sabado, sarado ng Linggo, (**permanenteng magsasara ng 6 n.g. Nobyembre 03**)
- **Lafayette County:** Sentro ng Komunidad ng Mayo, 150 Hilagang-Kanlurang Bilog ng Komunidad, Mayo, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Biyernes, 9 n.u. hanggang 1 n.h. Sabado, sarado ng Linggo
- **Madison County:** Pinagmumulan ng Karera Hilagang Florida, 705 Silangang Kalye ng Base, Madison, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Sabado, sarado ng Linggo
- **Pasco County:** Pang-rehiyong Kanlungan sa Sakuna ng Fasano, 11611 Abenida ng Denton, Hudson, 9 n.u. hanggang 6 n.g. araw-araw, (**permanenteng magsasara ng 6 n.g. Oktubre 28**)
- **Suwannee County:** Patlang ng Alaala, 617 Abenida ng Ontario Timog-Kanluran, Live Oak, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Sabado, sarado ng Linggo
- **Taylor County:** Sentro ng Komunidad ng Steinhatchee, 1013 Timog na Daan ng Riverside, Steinhatchee, 9 n.u. hanggang 6 n.g. Lunes-Sabado, sarado ng Linggo

Hindi kinakailangan ang appointment para bisitahin ang isang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna. Ang mga residente ay hinihikayat na bisitahin ang kahit anong bukas na DRC, hindi mo kailangang maging residente sa country nito.

Ang mga Sentro ng Pagbawi sa Sakuna ay nagbibigay sa mga nakaligtas sa sakuna ng impormasyon mula sa pang-estadong ahensya ng Florida, sa FEMA, at sa U.S. Small Business Administration (Administrasyon ng Maliliit na Negosyo). Ang mga nakaligtas ay maaaring kumuha ng tulong sa pag-aapply para sa pederal na tulong, matutunan ang tungkol sa mga uri ng tulong na makukuha, matutunan ang tungkol sa proseso ng apela at makakuha ng update sa aplikasyon.

Ang mga Sentro ng Pagbawi sa Sakuna ay maaaring magamit ng mga taong may kapansanan. Mayroon silang kagamitan na may pantulong na teknolohiya na magagamit ng mga nakaligtas sa sakuna na makipag-ugnayan sa mga tauhan. Ang Video Remote Interpreting (pagsasalin gamit ang remote na bidyo) ay maaaring gamitin at ang sa-personal na wikang pasenyas ay magagamit sa pamamagitan ng kahilingan. Ang mga sentro ay mayroong naa-access na paradahan, mga rampa, at mga banyo.



FEMA

Page 2 of 3

Hindi kinakailangang bisitahin ang isang sentro. Ang mga nakaligtas ay maaaring mag-apply sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-621-3362, pagpunta sa online sa disasterassistance.gov, o paggamit ng [mobile app](#) ng FEMA. Ang linya ay bukas araw-araw mula 7 n.u. hanggang 10 n.g. sa Silangang Pamantayang Oras. Ang tulong ay maaaring makuha sa karamihan ng mga wika. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay, tulad ng relay sa bidyo (VRS), naka-caption na telepono o iba pang serbisyo, ibigay mo sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Para makita ang isang naa-access na bidyo kung paano mag-apply, bisitahin ang: [Tatlong Paraan upang Magrehistro para sa Tulong sa Sakuna ng FEMA - YouTube](#).

Ang huling araw para mag-apply ay Nobyembre 29, 2023.

Ang Tulong Pang-Indibidwal ng FEMA ay kayang tumulong sa mga gastos sa pansamantalang tuluyan, pangunahing pagpapagawa ng bahay at iba pang mahalagang pangangailangan na may kaugnayan sa sakuna.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbawi ng Florida mula sa Bagyong Hurricane Idalia, bisitahin ang [floridadisaster.org/updates/at fema.gov/disaster/4734](https://floridadisaster.org/updates/at-fema.gov/disaster/4734). Sundan ang FEMA sa X na dating kilala bilang Twitter, sa twitter.com/femaregion4 at sa facebook.com/fema.



FEMA

Page 3 of 3